# Pangdaigdigang estratehiya ng bagong Tochigi
# ~Ugnayan sa mundo,napiling Tochigi~
# [Buod]

## **Layunin ng pagbuo**

Noong 2021,binuo ng prepektura ang "Pandaigdigang Estratehiya ng Tochigi" at nagsagawa ng iba't ibang hakbang upang isulong ang internasyonal na pakikipag ugnayan ng prepektura.Sa panahong ito, nagkaroon ng mga pagbabago sa kapaligiran na nakaapekto sa prepektura tulad ng pagbabalik normal ng ekonomiya na naapektuhan ng COVID-19,Paglikha ng bagong Sistema ng pagpapalaki ng kakayahan ng mga dayuhang manggagawa,pagdami ng inaasahang pagtanggap ng mga manggagawang may tiyak na kasanayan,pagluwag ng regulasyon sa pag angkat sa Taiwan,mga isyu sa taripa sa Estados Unidos.
Kahit sa ganitong sitwasyon,upang patuloy na umunlad ang prepektura,kailangang magbahagi ng iisang bisyon ang mga kaugnay na organisasyon at tumugon ng maayos sa mga pagbabago ng sitwasyon habang patuloy na humaharap sa mga hamon sa pandaigdigang antas.Dahil dito binuo ang bagong estrtehiya.

## **Pagpoposisyon**

Binabalangkas ng Prepektura ng Tochigi ang pagsulong at maisakatuparan ang kinabukasan ng[Plano para sa kinabukasan ng bagong Tochigi] ito ay nagpapakita ng ideya at direksyon ng mga gawain upang maisulong ang internasyonal na pag unlad ng Prepekturang ito.

## **Panahon ng pagpapatupad**

Ang 5 taong pagpapatupad ay magsisimula ng Reiwa8(2026) hanggang Reiwa12(2030)

## **Kalagayan ng kapaligiran at suliranin**

- Pagliit ng lokal na mercado at paglawak ng mercado sa ibang bansa
- Pagtaas ng kawalang katiyakan sa pandaigdigang sitwasyon
- Pagbaba ng populasyon ng prepektura at pagdami ng mga dayuhang residente
- Katangian ng mga industriya ng Tochigi

## Mga layunin ng Prepektura ng Tochigi para sa internasyonalisasyon

### Layunin (Kalagayang nais makamit)

#### Piniling Tochigi para makipag ugnayan sa buong mundo

- Makipag ugnayan sa pandaigdigang pangangailangan,pagpapalawak ng export at umakit sa mga dayuhang turista,ang [Tochigi]na may masiglang ekonomiya
- Makipag ugnayan sa iba't ibang lahi sa buong mundo,kung saan umuunlad ang dayuhang manggagawa,sa[Tochigi]ang pagkakasundo・ligtas at seguridad na pamumuhay ng mga hapones at mga dayuhan sa isa't isa
- Makipag ugnayan sa mga bansa at rehiyon sa buong mundo, ang [Tochigi]ay nagtatag ng pakikipag ugnayan at tiwala sa isa't isa

### Pangunahing prinsipyo

Upang makamit ang layunin(ang inaasam na kalagayan)ipapatupad ang estratehiya sa pam

#### Gamitin ang mga lakas

- Gagamitin namin ang mga kalakasan ng tochigi na may pinakamataas na kalidad sa buong mundo

#### Makikipagtulungan

- Magtutulungan ang mga kaugnay na organisasyon sa prepektura at makikipag ugnayan din sa ibang lokal na pamahalaan at mga bansa

#### Sumubok

- Kasama ang mga mamayan at mga negosyo ng prepektura na may malasakit at motibasyon,aktibo nating haharapin ang hamon ng pandaigdigang kompetisyon

### Pangunahing estratehiya

| | |
|---|---|
| Pagkuha ng pangangailangan mula sa ibang bansa upang makalikha ng matatag na ekonomiya | Pagtiyak at pagpapaunlad ng mga dayuhang manggagawa |
| Pagpapatibay ng relasyon sa ibang mga bansa | Paglikha ng isang lipunan,kung saan magkasamang namumuhay ang mga hapones at dayuhang mamamayan |

### Mga prayoridad na proyekto

Sa panahon ng pagpapatupad ng estratehiya, Itatakda ang mga target na bansa at rehiyon para sa mga proyektong bibigyang pansin,at taun taon itong susuriin upang maisagawa at mapalawak ang mga programa

## Pangunahing estratehiya 1
## Pagkuha ng pangangailangan mula sa ibang bansa upang makalikha ng matatag na ekonomiya

### Pagsusulong ng pagpapalawak sa ibang bansa ng mga kumpanyang nasa loob ng prepektura

Layunin

- ➤ Pagkilala at paghikayat sa mga kumpanyang magpapalawak ng negosyo sa ibang bansa
- ➤ Pagpapataas ng export ng mga produktong mula sa prepektura(gaya ng pagkain naproseso,at mga produktong industriyal)

Mga pangunahing gawain

- Pagsasagawa ng survey tungkol sa pangangailangan at kalagayan ng mga hakbang ng mga negosyante sa loob ng prepektura kaugnay ng export at import
- Pagsasagawa ng seminar tungkol sa pag export,mula sa batayang kaalaman hanggang samas mataas na antas,kabilang ang paggamit ng seller at buyer ng nasa ibang bansa
- Suporta para sa pagsubok sa mercado ng mga produktong pangkalakal,at tulong sa pagkuha ng internasyonal na pamantayan at sertipikasyon
- Suporta sa mga lokal na kumpanya sa pag exhibit sa mga trade show sa ibang bansa at pagsagawa ng mga pagpupulong sa negosyo kasama ang mga mamimili
- Suporta sa pagpapalawak ng negosyo sa ibang bansa gamit ang mga base sa ibang bansa
- Suporta sa mga startup na kumpanya sa pagpapalawak sa ibang bansa sa pakikipagtulungan sa JETRO Tochigi at iba pa

### Pagtataguyod ng mga export ng mga produktong agricultural ng prepektura

Layunin

- ➤ Pagpapalakas ng demand sa ibang bansa at pagbuo ng mga channel sa pagbebenta
- ➤ Pagbuo at pagpapa unlad ng mga lugar na produksyon para sa export

Mga pangunahing gawain

- Pagpapalawak ng Negosyo at bentahan sa mga bansang pinagluluwasan sa pamamagitan ng lokal na promosyon at PR para sa mga dayuhang turista
- Pagbuo ng bagong channel ng pagbebenta sa pamamagitan ng pakikilahok sa eksibisyon mga pagsubok na pang export,at mga imbitasyon sa mga mamimili
- Paglikha ng network para sa pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng mga lugar ng produksyon
- Paglalagay ng mga rehiyonal na tanggapan ng konsultasyon

### Pagpapalakas ng atraksyon ng mga dayuhang turista

Layunin

- ➤ Pagpapalawak ng paggastos ng mga dayuhang turista

Mga pangunahing gawain

- Pagpapabuti at paghahanda ng kapaligiran upang matugunan ang iba’t ibang pangangailangan
- Pagtataguyod ng turismo ng may temang karanasan na humahantong sa mataas na nilalaman at akomodasyon
- Pagpapalaganap ng lubos na kaakit akit na impormasyon gamit ang digital na teknolohiya at mula sa dayuhang pananaw

**Pag akit ng mga dayuhang kumpanya**

Layunin

- ➤ Pag akit ng mga kumpanya sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng gobyerno sa ibang bansa at mga kaugnay na organisasyon

Mga pangunahing gawain

- Pagpapakilala sa mga ahensya ng gobyerno ng ibang bansa ng ganda at benepisyo ng mga industrial park ng ating prepektura sa pamamagitan ng embahada at diplomasya
- Paglapit sa mga kumpanya sa pakikipagtulungan sa JETRO Tochigi atbp.

## Pangunahing estratehiya 2
### Pagtiyak at pagpapaunlad ng mga dayuhang manggagawa

### Pagpapabuti ng kapaligiran para sa pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa

Layunin

- ➤ Pagtataguyod ng naaangkop na pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa sa mga kumpanya atbp.
- ➤ Pagpapanatili ng mga dayuhang manggagawa sa mga kumpanya at iba pang organisasyon

Mga pangunahing gawain

- ● Suporta para sa pagpapabuti ng kapaligiran sa pagtatrabaho para sa mga dayuhang manggagawa sa mga kumpanya atbp. organisasyon
- ● Pagpapahusay ng mga sistema ng konsultasyon at suporta ng Tochigi Foreign Human Resources Acceptance Support Center
- ● Pagtataguyod ng angkop na pagtatrabaho at maayos na pagtanggap ng dayuhang manggagawa at pagbuo ng network ng Tochigi Foreign Human Resources Utilization Promotion Council

### Pagkuha ng mga dayuhang manggagawa

Layunin

- ➤ Pagkuha ng mga dayuhang manggagawa batay sa pangangailangan ng mga kumpanya

Mga pangunahing gawain

- ● Suporta sa pagtatrabaho para sa mga magaaral sa Unibersidad sa ibang bansa,sa mga kumpanya,sa pakikipagtulungan sa mga instutusyonng pang edukasyon sa ibang bansa
- ● Pagdaraos ng magkasanib na sesyon ng impormasyon ng kumpanya para sa mga magaral sa ibang bansa

### Pagsasanay ng mga dayuhang manggagawa

Layunin

- ➤ Pagpapabuti ng kakayahan sa komunikasyon at kasanayan ng mga dayuhang manggagawa

Mga pangunahing gawain

- ● Pagpapatupad ng mga pagsasanay tulad ng business, salitang hapon para sa mga dayuhan na naaayon sa panganagilangan ng kumpanya at organisasyon
- ● Pagpapatupad ng bokasyonal na pagsasanay para sa mga dayuhang residente na naglalayong makapagtrabaho sa mga kumpanya

## Pangunahing estratehiya 3
## Pagpapatibay ng relasyon sa ibang mga bansa

### Pagtataguyod ng palitang pang ekonomiya

Layunin

- ➤ Pagtataguyod ng mga palitan,pangunahin na ng mga pribadong kumpanya at organisasyon sa loob ng prepektura

Mga pangunahing gawain

- Pagpapadala at pagtanggap ng mga misyong pangnegosyo
- Konsultasyon tungkol sa kapaligiran ng pamumuhunan ng magkabilang panig,gamit ang umiiral na ugnayan
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kapaligiran ng pamumuhunan sa mga kumpanya sa loob ng prepektura na nagbabalak mamuhunan sa rehiyon
- Pag akit ng mga lokal na kumpanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kapaligiran ng pamumuhunan ng prepektura

### Pagsusulong ng palakaibigang ugnayan at pagpapalitan

Layunin

- ➤ Pagpapalaganap ng palakaibigang ugnayan sa mga lokal na komunidad at pagpapaunlad nito tungo sa ekonomikong palitan

Mga pangunahing gawain

- Pagpapadala at pagtanggap ng mga delegasyon ng pagbisita
- Pagsusulong ng palitan ng larangan ng kultura at edukasyon
- Pagsuporta sa kusang loob na palitan ng mga mamamayan ng probinsya at mga pribadong organisasyon

### Pagtataguyod ng diplomasya ng embahada na istilong Tochigi

Layunin

- ➤ Pagbuo ng ugnayan at pagsusulong ng palitan sa mga maimpluwensyang bansa at iba pa

Mga pangunahing gawain

- Pagtataguyod ng pagiging kaakit akit na Prepektura ng Tochigi sa mga embahador ng mga maimpluwensyang bansa
- Patuloy na pagbibigay ng impormasyon sa embahada ng mga bansa kung saan naitatag ang mga ugnayan
- Pagdaraos ng mga seminar sa ekonomiya, mga pulong ng pagpalitan ng impormasyon

### Paglinang ng pandaigdigang pananaw

Layunin

- ➤ Paglinang ng kamalayan sa mga residente ng prepektura

Mga pangunahing gawain

- Pagsasagawa ng seminar para sa pandaigdigang pag unawa na pinangungunahan ng mga Palitan ng Internasyonal na Koordinator
- Pagsuporta sa mga kaganapan ng mga iba’t ibang bansa at rehiyon na ginaganap sa loob ng prepektura

**Pagsusulong ng pandaigdigang kooperasyon**

Layunin

➤ Pagtataguyod ng mga aktibidad at pagpapakalat ng impormasyon sa pakikipagtulungan ng JICA

Mga pangunahing gawain

- Makipagtulungan sa JICA upang hikayatin at palawakin ang pakikilahok ng mga kumpanya at mamamayan sa loob ng prepektura sa mga aktibidad ng pandaigdigang kooperasyon
- Pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pandaigdigang kooperasyon

**Paglinang sa Pandaigdigang yaman ng Tao sa Edukasyon sa paaralan**

Layunin

➤ Paglinang ng mga taong mamumuno at magaambag sa pandaigdigang lipunan

Mga pangunahing gawain

- pagsusulong ng internasyonal na palitan upang malinang ang mga taong may pag unawa sa iba't ibang kultura at may pandaigdigang pananaw

## Pangunahing estratehiya 4
### Paglikha ng isang lipunan,kung saan magkasamang namumuhay ang mga hapones at dayuhang mamamayan

### Pagpapalakas ng sistema ng konsultasyon para sa mga dayuhan

Layunin

➤ Pagtugon sa mga konsultasyon tungkol sa pamumuhay at pangangailangan ng dumaraming dayuhang residente

Mga pangunahing gawain

- Pagpapatupad ng mga serbisyong konsultasyon sa iba't ibang wika
- Pagpapalakas ng koordinasyon sa mga kaugnay na ahensya na nagbibigay ng konsutasyon at suporta sa mga dayuhan

### Pagsusulong ng pagbibigay at pagpapalaganap ng impormasyon sa iba't ibang

Layunin

➤ Paglikha ng kinakailangang impormasyon para sa pang araw araw na pamumuhay

Mga pangunahing gawain

- Isulong ang pagbibigay at pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa pamahalaan at pamumuhay gamit ang Iba't ibang paraan ng paghahatid ng impormasyon sa maraming wika at sa「madaling nihongo」

### Pagtataguyod ng edukasyon sa wikang hapon

Layunin

➤ Pagbuo ng sistema ng edukasyon sa wikang hapon sa mga lokal na komunidad

➤ Pagpapahusay ng pagtuturo ng wikang hapon sa mga paaralan

Mga pangunahing gawain

- Pagbibigay ng payo at gabay sa mga kasankot sa edukasyon sa wikang hapon
- Suporta sa pagpapatakbo ng mga lokal na klase ng wikang hapon at pagpapalakas ng pakikipag ugnayan sa iba't ibang organisasyon at sektor na may kinalaman sa edukasyon ng wikang hapon
- Pagpapahusay ng pagtuturo at suporta para sa mga dayuhang bata at mag aaral na nangangailangan ng pagtuturo sa wikang hapon

### Pagpapalakas ng mga hakbang sa pag iwas sa sakuna para sa mga dayuhan

Layunin

➤ Pagtiyak sa kaligtasan ng mga dayuhan sa panahon ng sakuna

Mga pangunahing gawain

- Pagpapatupad ng pagbibigay ng imporma syong kaugnay ng sakuna sa maraming wika at pagtugon sa mga konsultasyon sa panahon ng kalamidad
- Pagtatag ng sistema ng suporta para sa mga dayuhan sa panahon ng sakuna
- Pagpalaganap ng kaalaman sa pag iwas sa sakuna ng mga dayuhan

**Pagseguro at pagsasanay ng mga tauhan upang suportahan ang mga dayuhan**

Layunin

- ➤ Pagseguro at pagsasanay ng mga indubidwal na maaaring sumuporta at tumulong sa mga dayuhan na nahaharap sa mga hadlang sa wika atbp.

Mga pangunahing gawain

- Pagtiyak at paglinang ng iba’t ibang uri ng mga taong tutulong at susuporta sa mga dayuhan

**Pagtaguyod ng pagkakaunawaan sa pagitan ng mga hapones at dayuhan**

Layunin

- ➤ Pagtiyak at siguradong pamumuhay sa mga lokal na komunidad

Mga pangunahing gawain

- Pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa kultura at mga patakaran ng hapon sa mga dayuhan
- Pagpapataas ng kamalayan ng mga residente ng lalawigan tungkol sa mapayapang pamumuhay at pakikipag ugnayan sa iba’t ibang kultura
- Pagpapatupad ng mga pagsasanay para sa mga lungsod/bayan at mga kumpanya tungkol sa pakikipamuhay at pakikipag ugnayan sa mga dayuhan
- Pagpapalawak ng mga opurnidad sa pagaaral tungkol sa multicultural sa edukasyon sa paaralan

**Pagtaguyod ng pakikilahok ng mga dayuhan sa mga aktibidad sa komunidad**

Layunin

- ➤ Pagtaguyod ng aktibong pakikilahok ng mga dayuhan sa mga lokal na komunidad

Mga pangunahing gawain

- Pagsuporta sa mga aktibidad na tumutugon sa mga lokal na isyu sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng mga dayuhan

## Sistema at balangkas para sa pagpapatupad

### **Sistema para sa pagpapatupad**

- Sa[Tochigi Prefecture International Strategy Promotion Headquarters]ay komprehensibo at epektibong magpapatupad ng mga patakarang may kaugnayan sa internasyonal sa pamamagitan ng sistemang kolaboratibo na lumalagpas sa mga sektor at departamento
- Ang[Tochigi International Strategy Council]ay susuriin ang mga estratehiya,mangangalap ng mga ebalwasyon at opinyon mula sa mga miyembro ng komite tungkol sa pagunlad ng mga estratehiya at isasalamin ang mga ito sa mga rebisyon ng patakaran
- Palalakasin namin ang sistema ng promosyon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga munisipalidad,mga kaugnay na organisasyon(JETRO,SME support,Japan,JICA) bilang isang pagsisikap ng lahat ng Tochigi

### **Pagtataguyod ng estratehiya sa SDGs**

Ang pagtataguyod ng estratehiyang ito ay makakatulong din sa pagkamit ng mga Sustainable Development Goals(SDGs). Ang prepektura kasama ang magkakaibang negosyante na bumubuo sa lokal na komunidad,kabilang ang mga mamamayan,munisipalidad,at mga negosyo,ay aktibong magtataguyod ng mga inisyatibo tungo sa pagkamit ng bawat isa sa mga SDG,habang ibinabahagi ang pilosopiya at mga layunin ng mga SDG.